M10/1/A1PIL/SP2/TGL/TZ0/XX

22100228

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Friday 14 May 2010 (morning)
Vendredi 14 mai 2010 (matin)
Viernes 14 de mayo de 2010 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.
- You are not permitted to bring copies of the works you have studied into the examination room.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.
- Vous n'êtes pas autorisé(e) à amener des exemplaires des œuvres que vous avez étudiées dans la salle d'examen.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.
- No se permite traer a la sala de examen copias de las obras estudiadas.


© International Baccalaureate Organization 2010

https://xtremepape.rs/

*Sagutin ang* ***isa*** *lamang tanong pangsanaysay. Ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang nasa Ikatlong Bahagi na iyong napag-aralan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay ng isang akda mula sa Ikalawang Bahagi kung ito ay katulad sa anyo o kung may kaugnayan. Ang mga sagot na* ***hindi*** *ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay* ***hindi*** *mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** Suriin kung paano inilantad ang usapin ng pag-aari ng lupa sa dalawa o higit pang nobelang iyong napag-aralan.

**2.** Magtalakay ng dalawa o higit pang nobelang iyong napag-aralan kung saan ang mga tauhan ay naiipit sa sitwasyon na kailangan silang pumili sa pagitan ng kaligtasan para mabuhay (*survival*) sa isang banda, at sa paninindigan para sa isang prinsipyo sa kabilang banda. Paghambingin kung paano inilarawan ang kanilang kalagayan at tasahin ang kanilang ginawang pagpili.

**Maikling Kwento**

**3.** "Ang isang matagumpay na maikling kwento ay iyong ginagamitan ng sariwa o natatangi o kakaibang lapit sa paglalantad ng pangkaraniwan o pang-araw-araw." Kaugnay ng ganitong pahayag, maghambing ng mga akda ng dalawa o higit pang manunulat na iyong napag-aralan at sabihin kung hanggang saan ka sumasang-ayon dito.

**4.** Paghambingin kung paano ginamit ng dalawa o higit pang manunulat na iyong napag-aralan ang diyalogo o usapan sa pagpapatingkad ng kanilang mga kwento.

**Dula**

**5.** Talakayin kung hanggang saan masasabing nasa paraan ng pagbukas ng dula nakasalalay ang tagumpay o bisa nito. Ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang dulang iyong napag-aralan.

**6.** Batay sa dalawa o higit pang dulang iyong napag-aralan, paghambingin ang mga paraan ng pagpasok ng mga nakakatawang tauhan o eksena sa dula at kung ano ang naging epekto nito.



https://xtremepape.rs/

**Tula**

**7.** Paghambingin kung paano gumagamit ang mga makata ng pambihira o kakaibang ritmo o pagtutugma para lumikha ng natatanging epekto o para sa isang partikular na layunin sa dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan.

**8.** Suriin kung paano ang higpit at talas ng mga detalye ay nagpapaigting ng karanasan o damdamin o kalagayan sa dalawa o higit pang akda ng magkakaibang makata.

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**9.** Paghambingin kung paano ginagamit ng mga manunulat ang salungatan o banggaan bilang paraang pampanitikan sa paglilinaw ng isang partikular na posisyon o pananaw sa dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan.

**10.** "Ang nakalipas ay nagbibigay liwanag sa kasalukuyan." Suriin ang pagtatanghal at papel na ginagampanan ng nakalipas sa dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan at sabihin kung hanggang saan ka sumasang-ayon sa pahayag na ito.

**Panlahat na mga Tanong**

**11.** Paghambingin ang paggamit ng elemento ng misteryo o hiwaga sa dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan at kung ano ang naging epekto nito sa kabuuan.

**12.** Talakayin ang mga paraan ng paglalahad ng kasamaan at kung anong epekto mayroon ito sa dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan.

**13.** Paghambingin kung paano at gaano ka-epektibo inilantad ang mga implikasyon ng ugnayan ng tao at kalikasan sa dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan.

**14.** "Kasinghalaga ng sinasabi ang kung paano ito sinasabi." Maghambing ng dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan na nagpapakita hanggang saan ka sumasang-ayon o sumasalungat sa pahayag na ito.

---



https://xtremepape.rs/